Palabas na **balita**

# Pagsasanay ng higit pang mga doktor at mga nars

Marso 13, 2023

Ang Badyet 2023 ay mamumuhunan ng halos $200 milyon upang palawakin ang mga post-sekundaryong programa sa pangangalagang pangkalusugan upang sanayin ang higit sa 3,400 karagdagang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang Alberta ang may pinakamahusay na mga front-line na manggagawa sa mundo. Ang pamahalaan ng Alberta ay magtatrabaho upang matiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalagang kailangan nila kung kailan at saan nila ito kailangan. Makakatulong ang mga bagong pamumuhunan na sanayin ang mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan natin at matiyak na ang mga kabataang Albertan ay makakapasok sa mga programang gusto nila, dito mismo sa bahay.

Ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng $72 milyon sa loob ng tatlong taon upang lumikha ng higit sa 3,400 mga bagong puwesto sa post-sekundaryong mga programa sa pangangalagang pangkalusugan sa buong lalawigan. Ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan din ng $113 milyon para magdagdag ng 100 mga espasyo para sa mga medikal na pagsasanay para sa mga bagong nagtapos na doktor, partikular sa mga kanayunan na lugar at mga espesyalistang larangan.

Sa Badyet 2023, ang pamahalaan ng Alberta ay nagsusumikap upang makabuluhang matugunan ang mga hamon sa pangangalagang pangkalusugan na kinakaharap natin sa pamamagitan ng:

- pamumuhunan ng $30 milyon sa pagpapalawak ng programa sa pangangalagang pangkalusugan upang lumikha ng humigit-kumulang 1,800 mga bagong puwesto sa susunod na tatlong taon sa mga programa ng narsing, katulong sa pangangalangang pangkalusugan [healthcare aide] at paramedicine.

**Kaugnay na impormasyon**

[Ang Alberta sa Trabaho]

[Estratehiya ng mga Manggagawa sa Kalusugan]

**Mga katanungan sa media**

Sam Blackett
sam.blackett@gov.ab.ca
587-589-6048
Kalihim ng Press, Masulong na Edukasyon

- pamumuhunan ng halos $20 milyon upang lumikha ng 120 mga bagong puwesto ng doktor sa Unibersidad ng Calgary at Unibersidad ng Alberta.
    - Makakatulong din ang pagpopondo sa pagtaas ng bilang ng mga kanayunang manggagamot sa Alberta sa pakikipagtulungan sa Ministro ng Kalusugan.
- Pamumuhunan ng $113 milyon sa loob ng tatlong taon para sa mga posisyon sa medikal na pagsasanay upang magdagdag ng 100 mga espasyo sa medikal na pagsasanay at pondohan ang kabayaran para sa mga akademikong doktor na nagtuturo sa mga medikal na mag-aaral.
- pamumuhunan ng $22 milyon para mapataas ang kasanayan sa mga internasyonal na nars na nakapag-aral sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong kumokonektang programa at pagpapalawak ng mga puwesto sa mga kasalukuyang kumokonektang programa upang magdagdag ng 1,500 mga bagong espasyo.
- Pamumuhunan ng $14 milyon sa loob ng dalawang taon para sa naka-target na pangangalap ng mga internasyonal na sinanay na nars mula sa Estados Unidos at United Kingdom.

Ang mga pamumuhunan sa pamamagitan ng Badyet 2023 ay mga pangakong tinukoy bilang bahagi ng Estratehiya sa mga Manggagawa sa Kalusugan [Health Workforce Strategy], na naglalatag ng pundasyon para sa isang matatag at napapanatiling sistema ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa bawat Albertan na magkaroon ng isang tahanan ng kalusugan, na ang mga manggagawa ay nasa lugar upang maihatid ang mga serbisyong pangkalusugan na kailangan ng mga Albertan ngayon at sa hinaharap.

Bilang bahagi ng pagpapalawak ng puwesto sa pangangalagang pangkalusugan, ang mga publikong post-sekundaryang institusyon na pinondohan ay iimbitahan na magsumite ng mga panukala upang palawakin ang mga puwesto sa mga programang nauugnay sa kalusugan. Maaaring kabilang sa mga programa ang: Mga Rehistradong Nars, mga Katulong sa Pangangalagang Pangkalusugan [Health Care Aides], mga Lisensyadong Praktikal na Nars [Licensed Practical Nurses], mga koordinador at superbisor ng nars, mga paramedikal na trabaho, iba pang mga medikal na teknologo at tekniko.

Ang pagpapalawak ng doktor ay inaasahang na magpapataas sa bilang ng mga puwesto ng doktor na magagamit ng 58% sa loob ng 10 taon. Sa pamamagitan ng Badyet 2023, ang Masulong na Edukasyon ay namumuhunan ng higit sa $2 milyon sa 2023-24 upang suportahan ang 20 mga bagong puwesto ng doktor sa Unibersidad ng Alberta at sa Unibersidad ng Calgary. Isang pamumuhunan na higit sa $5.8 milyon upang suportahan ang 60 mga bagong puwesto sa 2024-25, at higit sa $11.6 milyon upang suportahan ang kabuuang 120 mga puwesto sa 2025-26. Sa 120 mga bagong puwesto, 60 mga bagong puwesto ang idaragdag sa parehong Unibersidad ng Calgary at Unibersidad ng Alberta.

Ang pamumuhunan sa pagpapalawak ng pagsasanay ng doktor na $113 milyon sa loob ng tatlong taon ay bahagi ng Programa ng Pang-akademikong Medisina at mga Serbisyong Pangkalusugan [Academic Medicine and Health Services Program], na nagtitiyak na ang mga manggagamot na kaanib sa mga pakultad ng medisina ng Alberta ay nabayaran para sa pagbibigay ng pangangalaga

sa pasyente kasama ng kanilang trabaho na may kaugnayan sa pananaliksik, pagbabago, edukasyon, pangangasiwa. at pamumuno.

Kasama sa mga pondo ang mga suporta upang palawakin ang kakayahan ng lalawigan na magsanay ng mas maraming doktor, partikular sa mga sentrong pangrehiyon at mga komunidad sa kanayunan, at 30 karagdagang posisyon sa mga doktor sa pagsasanay para sa mga internasyonal na nakapagtapos ng medikal na nangangailangan ng karagdagang pagsasanay bago sila makapagsanay sa Alberta. Sa sandaling ganap na maisakatuparan ang pagpapalawak ng puwesto, lilisensyahan ng Alberta ang higit sa 100 karagdagang mga manggagamot taun-taon na magiging handang magsanay.

Bilang suporta sa mga internasyonal na nakatapos na nars, ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng $15 milyon upang suportahan ang paglikha ng mga bagong kumokonektang programa upang magdagdag ng 900 mga bagong espasyo ng mag-aaral. Noong nakaraang buwan, inanunsyo ng pamahalaan ng Alberta na $7.3 milyon ang ipupuhunan upang lumikha ng higit sa 600 mga bagong puwesto sa mga umiiral na kumokonektang programa sa Mount Royal University, Bow Valley College, at NorQuest College.

Bumubuo ang pamumuhunan na ito sa naka-target na pagpapalawak ng pagpapatala noong nakaraang taon na nagdagdag ng 2,500 mga bagong puwesto sa mga programang nauugnay sa kalusugan. Pati na rin ang kamakailang inihayag na pamumuhunan na $1 milyon upang galugarin ang mga rehiyonal na sentro ng pagsasanay sa kalusugan sa Lethbridge at Grande Prairie upang suportahan ang pagsasanay para sa mga manggagamot sa mga kanayunan na lugar.

Ito ay isa pang bahagi ng mas malaking estratehiya ng pamahalaan upang mapabuti ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan na kinabibilangan ng mga makasaysayang pamumuhunan sa pangangalagang pangkalusugan at pagpapalawak ng mga programa sa pangangalagang pangkalusugan sa ating post-sekundaryong sistema.

*Tinitiyak ng Badyet 2023 ang kinabukasan ng Alberta sa pamamagitan ng pagbabago sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao, pagsuporta sa mga Albertan na may mataas na halaga ng pamumuhay, pinapanatiling ligtas ang ating mga komunidad at nagtutulak sa ekonomiya na may mas maraming trabaho, de-kalidad na edukasyon at patuloy na pagkakaiba-iba.*

**Mabilis na mga Katotohanan**

- $7.3 milyon ang ipupuhunan upang palawakin ang mga kasalukuyang kumokonektang programa ng nars, na lumilikha ng:
  - 256 mga bagong puwesto para sa kumokonektang programa sa Rehistradong Nars sa Unibersidad ng Mount Royal,

- 120 mga bagong puwesto sa Bow Valley College para sa kanilang kumokonektang programa sa Lisensyadong Praktikal na Nars [Licensed Practical Nurse] at,
- 250 mga bagong puwesto sa NorQuest College para sa kanilang kumokonektang programa sa Lisensyadong Praktikal na Nars [Licensed Practical Nurse].